8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 3: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Piedad O. Diola

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 3 , IKALAIMANG LINGGO, BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Naipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa "Cold War" at ang mga tunggaliang dulot nito.<br>1. Natutukoy ang mga bansang kasangkot sa Cold War sa Europa at Amerika<br>2. Nasusuri ang epekto ng Cold War sa Amerika, Russia at Cuba<br>3. Nakapagsasagawa ng mga indibidwal o pangkatang gawain upang matukoy ang mga konsepto tungkol sa Cold War sa Europa at Amerika at mga tunggaliang dulot nito. |
| **C. Nilalaman** | Cold War sa Europa at Amerika; Truman Doctrine at Marshall Plan NATO at Warsaw Pact; Space Race at Cuban Missile Crisis |
| **D. Integrasyon** | Ugnayang Panrehiyon at Pandaigdig, Panahon, Pagpapatuloy at pagbabago |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 19). Cold War. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Cold-War<br>Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, March 28). Marshall Plan. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Marshall-Plan<br>Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, March 5). Truman Doctrine. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Truman-Doctrine<br>Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 9). Warsaw Pact. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Warsaw-Pact |

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia and Riley, . Patrick (2021, December 14). Timeline of the Space Race, 1957–69. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/story/timeline-of-the-space-race

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 6). Cuban missile crisis. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Cuban-missile-crisis

Haglund, D. G. (2024, May 17). North Atlantic Treaty Organization. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/North-Atlantic-Treaty-Organization

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A.**<br>**B. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain: My BAKIT List**<br>**Panuto: Kumuha ng strip ng papel sa loob ng basket o kahon at sagutin sa maikli ang mga tanong na mababasa.**<br>1. Bakit tinawag na "Malaking Digmaan" ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig? __________<br>2. Bakit nasangkot muli ang bansang Germany sa ikalawang digmaan gayong may kasunduang pangkapayapaan na? __________<br>3. Bakit isang malaking hamon para sa Japan ang naganap na pagpapasabog sa lungsod ng Hiroshima at Nagasaki na naging dahilan ng kanilang pagsuko sa Amerika? __________<br>4. Bakit nasangkot ang Pasipiko sa digmaan kabilang na ang bansang Pilipinas? __________<br>5. Bakit isang salik sa pagiging makapangyarihang bansa sa panahon ng digmaan ang pakikipag-alyansa? __________ | Tulangang i-proseso ang mga kasagutan ng mag-aaral. |
| **C. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain: Video Watch**<br>**https://www.youtube.com/watch?v=dsDrYh2Af5Y** | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Pambungad: Cold War Timeline<br>
Panuto: Pagkatapos mapanood ang video ipasulat sa mga mag-aaral ang mga naganap sa bawat petsang nabanggit. Sa mga tali ng lobo, isulat ang petsa at loob naman ng lobo ang mga naganap pangyayari may kinalaman sa Cold War.<br><br>
1945 - nakilala ang dalawang bansang “super powers” pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig: America at USSR<br>
1949 - nagpatuloy sa paligsahan ang dalawang superpower sa larangan ng isports, agham, industriya at militar.<br>
1949 - binuo ng USA ang North Atlantic Treaty Organization (NATO)<br>
1953 - Korean War na sinuportahan ng USA (South Korea) USSR (North Korea)<br>
1954 - Vietnam War (North Vietnam Communists - USSR; South Vietnam Nationalists - USA)<br>
1975 -pagpapatuloy ng alitan sa oagitn ng Komunismo at Demokrasya (mga kaguluhan sa Afhanistan at ilang bahagi ng Africa)<br>
1988 - sinimulan ang mga kasunduang pangkapayapaan tulad ng Disarmament Agreement.<br>
1991 - pagbagsak ng USSR, napalaya ang 15 estado sa USSR, katapusan ng Cold War<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
Cold War - labanan sa pagitan ng Amerika at Soviet Union na nagresulta ng maliliit na digmaan kasama na ang pagpaparami ng armas at banta ng terorismo.<br><br>
Doktrinang Truman - ay isang kumpol ng mga prinsipyo ng banyagang patakaran ng Estados Unidos na ipinahayag ni Pangulong Harry S. Truman noong 1947 na nakasulat para sa Kongreso para humingi ng $ 400 milyon para sa pagtulong sa Greece at Turkey. Ito rin ang nagsasabi ng pahintulot na magpadala ng Amerikanong ekonomiko at militar na tagapagpayo sa dalawang bansa.<br>
Marshall Plan -kilala din sa tawag na European Recovery Program na mula sa Estados Unidos na naglalayong magbigay tulong sa mga bansang sangkot sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Kanlurang Europa Mula nang ito ay naaprubahan sa US Congress, higit na 15 Bilyong dolyar ang inilabas ng America para sa pagbangong muli at pagpapagawa sa mga imprastraktura na nawasak ng digmaan.<br>
Marshall Plan - plano na binalangkas ni US Secretary of State George Marshall, at isinagawa sa loob ng apat na taon anupat muling naitayo ang mga gusali, establisyemento,
</td>
<td>
Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:
<ul><li>Humanapa ng litrato ng outline na balloon</li></ul>
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | imprastraktura, industriya at pag-alis ng mga hadlang sa teritoryo at manatili ang pag-uugnayan ng Amerika at mga bansa sa Kanlurang Europa.<br>**NATO –** *North Atlantic Treaty Orgnization*. Kilala din sa tawag na Atlantic Alliance, isang intergovernmental mikitaty alliance na may 32 miyembro ng bansa – 30 bansang Europeo at 2 mula sa Hilagang Amerika. Ang alyansang ito ay itinatag sa layuning depensahan ang bawat isang miyembro may kinalaman sa pag-atake ng ibang bansa. Isang halimbawa nito ay noong nangyaring 9-11 Terrorist Attack sa Amerika, lahat ng miyembrong bansa ng NATO ay tumulong at dinepensahan ang bansa.<br>**Warsaw Pact –** kasunduang nilagdaan sa Warsaw, Poland. Ang mga bansang naging kabahagi nito ay ang Soviet Union, Albania, Poland, Romania, Hungary, East Germany, Czechoslovakia at Bulgaria. Nilayon ng kasunduang ito na depoensahan ang bawat miyembrong bansa mula sa pag-atake ng terorismo o banta ng digmaan.<br>**Space Race -** isang ika-20 dantaong kompetisyong teknolohikal sa pagitan ng Unyong Sobyetiko at Estados Unidos upang makamit ang pangingibabaw sa kakayahan ng pangkalawakang pagpapalipad. Nagmula ito sa *ballistic missile-based nuclear arm race* sa pagitan ng dalawang bansa pagkatapos ng World War II. Ang teknolohikal na kalamangan na ipinakita ng tagumpay sa paglipad sa kalawakan ay nakita bilang kinakailangan para sa pambansang seguridad, at naging bahagi ng simbolismo at ideolohiya ng panahong iyon. Ang *Space Race* ay nagdala ng mga pangunguna sa paglulunsad ng mga artipisyal na *satellite*, *robotic space probe* sa Buwan, Venus, at Mars, at paglipad ng tao sa kalawakan sa mababang *orbit ng Earth* at sa huli sa Buwan.<br>**Cuban Missile Crisis –** sa krisis na ito sa pagitan ng mga lider ng USA at Soviet Union, 13 araw na nagkaroon ng political and military standoff noong Oktubre 1962 dahil sa paglalagay ng missile ng Soviet Union sa Cuba na 90 milya lamang ang layo mula sa baybayin ng America. | |
| **D. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Truman Doctrine at Marshall Plan**<br>**Pagproseso ng Pang-unawa _**<br>Pagpapanood ng video<br>**https://www.youtube.com/watch?v=Xyoviiavusk**<br>Pambungad:<br>● Pahayag ni U.S. Pres. Harry S. Truman na nagdedeklara ng agarang tulong pang-ekonomiya at militar sa pamahalaan ng Greece, na binantaan ng pag-aalsa ng komunista, at sa Turkey, sa ilalim ng panggigipit ng Unyong Sobyet sa lugar ng Mediterranean. | |

- Binalangkas ni Truman ang *Truman Doctrine* sa isang talumpati sa pinagsamang sesyon ng Kongreso noong Marso 12, 1947, kung saan binigyang-diin niya ang mas malawak na mga kahihinatnan kung hindi mapoprotektahan ang demokrasya.
- Tumugon ang Kongreso sa mensahe ni Truman sa pamamagitan ng agarang paglalaan ng $400 milyon para suportahan ang Greece at Turkey.

**Mga Gabay na Tanong: (gamit ang video link)**
1.Sino ang nagbigay ng talumpati upang malaman at maipatupad ang Truman Doctrine? Sino naman para sa Marshall Plan?
2. Ilahad ang layunin ng pagkakaroon ng Truman Doctrine at Marshall Plan?
3. Anu-anong mga bansa ang nakinabang sa mga nilalaman ng Truman Doctrine at Marshall Plan? Magbigay ng ilang tulong materyal at pinansyal ang naipaabot ng America sa mga bansa sa Europa.
4. Ilahad ang buod ng talumpati nina Truman at Marshall may kinalaman sa pagpapatupad ng nilalaman ng kani-kaniyang talumpati.
5. Ipaliwanag: Dahil sa Truman Doctrine at sa Marshall Plan, kinilala ang Amerika bilang ang *world's dominant economic superpower*

Pangkatang gawain matapos ang pagpapanood ng *video*
*Pangkat 1 Sagutin ang tanong bilang 1-3*

*Pangkat 2: Sagutin ang tanong bilang 4-5*

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: INFO-WALL** *(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*

**Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain: Match The Fact** *(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)*

**Ikalawang Araw**
**Kaugnay na Paksa 2: NATO at WARSAW PACT**
**Pagproseso ng Pang-unawa**
Pambungad

| NATO | WARSAW PACT |
|---|---|
| Ang NATO ay walang teritoryong pinaghihiwalay ng tubig at lupa<br><br>Ang NATO ay boluntaryong alyado ng mga demokratikong estado.<br><br>Amerika/USA ang may pinakamalaking kontribusyon sa pagkakatatag nito ngunit lahat ng miyembro ay may kalayaang magdesisyon o bahagi ng pagdedesisyon. | Ang Moscow na bahagi ng pagpapatupad ng kasunduang ito ay may pulitikang dominasyon sa Silangang Europa.<br><br>Ang mga bansang kasama sa kasunduang ito ay may heograpikal na kohesyon (dati nang may malalaking kalupaan) kung kayat madali nang maglipat-lipat ng mga armas. |

| | |
|---|---|
| Mayroong napakalakas na hukbong militar ang NATO. | Kontrolado ng Moscow sa Russia ang kasunduang ito |

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain: Isang Tanong, Isang Sagot** *(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*

**Ikatlong Araw**
**Kaugnay na Paksa 3: Space Race**
**Pagproseso ng Pag-unawa**
Panoorin ang video:
https://www.youtube.com/watch?v=xvaEvCNZymo

**Pambungad**:

- Ang **Karerang Pangkalawakan o Space Race** ay isang ika-20 dantaong kompetisyong teknolohikal sa pagitan ng Soviet Union at USA upang makamit ang pangingibabaw sa kakayahan ng pangkalawakang pagpapalipad.
- Nagmula ito sa *ballistic missile-based nuclear arm race* sa pagitan ng dalawang bansa pagkatapos ng World War II.
- Ang teknolohikal na kalamangan na ipinakita ng tagumpay sa paglipad sa kalawakan ay isang kinakailangan sa pambansang seguridad, at naging bahagi ng simbolismo at ideolohiya ng panahong iyon.
- Ang *Space Race* ay nagdala ng mga pangunguna sa paglulunsad ng mga artipisyal na *satellite, robotic space probe* sa Buwan, Venus, at Mars, at paglipad ng tao sa kalawakan sa mababang orbit ng Earth at sa huli sa Buwan

**Mga Gabay na Tanong**

1.Bakit tinawag na Space Race ang labanan sa pagitan ng USA at Union Soviet sa panahon ng Cold War?
2. Anu-anong mga teknolohikal na pagbabago ang pinasimulang ipakilala ng USA at Union Soviet sa panahon ng Cold War?
3. Gaano kahalaga sa kasaysayan ng Union Soviet ang petsang Oktubre 4, 1957?
4. Gaano kahalaga sa kasaysayan ng USA ang naganap na satellite launch noong 1958?
5. Sino si Cosmonaut Yuri Gagarin?

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
6. Anong mga pagkilos ang ginawa ng USA upang mapantayan ang pangunguna ng Soviet Union sa kanilang Space Race?<br>
7. Sa huli, ano ang nagbigay-daan upang ang USA ay tanghaling nanalo sa Space Race?<br>
8. Ano ang implikasyon ng Space Race sa buhay ng sangkatauhan?<br>
Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Gawain: It’s A Chart (Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)<br><br>
Ikaapat na Araw<br>
Kaugnay na Paksa 4: Cuban Missile Crisis<br>
Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Gawain: Name Game (Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)<br><br>
*Ang mga nabanggit na pangalan at ipinakitang larawan ay ang mga pangunahing tauhang sangkot sa krisis na naganap sa pagitan ng USA at Soviet Union.<br>
Panoorin ang video para sa gagawing talakayin sa klase<br>
https://www.youtube.com/watch?v=XbKCyQn5oTc<br><br>
Mga Gabay na Tanong<br>
1.Ano ang ang XCom na binuo ni Pangulong Kennedy ng Amerika upang tulungan ang mga naging sangkot sa Cuban Crisis?<br>
2. Paano nasangkot ang bansang Cuba sa krisis sa pagitan ng Amerika at Soviet Union.<br>
3. Sa iyong palagay, kung ang krisis sa pagitan ng dalawang tinawag na “Superpower Countries” ay hindi napigilan, ano kaya ang nangyari sa mga bansang kaalyado nito? Posible kaya ang isang nuclear war?<br><br>
Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Gawain: Paggawa ng Infographics<br>
Panuto: Ang klase nay papangkatin sa 2., Ang unang pangkat ay aatasan na gumawa ng infographics tungkol sa mga natuklasan o imbensyon (2-3 halimbawa ng tuklas) ng Amerika may kinalaman sa Space Race. Ang ikalawang pangkat naman ay gagawa para sa USSR.<br><br>
Ilalahad ang nagawang infographics sa susunod na pagkikita.
</td>
<td>
Batayan ng Kasagutan<br>
A. Nikita Khrushchev<br>
B. Fidel Castro<br>
C. John F. Kennedy
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **E. Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: Pagbubuod** *(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)*<br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain: Write-A-Thon** *(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit** *(Tingnan sa pahina 8 ng Sagutang Papel)*<br>Batayuan ng Kasagutan<br>I.<br>1. COLD WAR<br>2. MISSILE<br>3. STAND OFF<br>4. SPACE RACE<br>5. DOCTRINE<br>6. MARSHALL PLAN<br>7. WARSAW PACT<br>8. SUPERPOWER<br>9.DIGMAAN<br>10.KRISIS<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Sagutin:<br>1.Ano ang kahulugan ng Neokolonyalismo?<br>2. Anu-anong bansa ang kasama sa tinatawag na Non-Allied Nations"<br>3. Magsaliksik tungkol sa mga sumusunod na paksa:<br>a. Korea-Vietnam War<br>b. Russian-Afghan War | | | (Iwasto ang mga paliwanag paglalarawan ng mga mag-aaral)<br>II.<br>1. missile<br>2. Turkey<br>3. John F. Kennedy<br>4. October 16-28, 1962<br>5. Fidel Castro<br>6. stand off<br>7. nuclear war<br>8. blockade<br>9. Nikita Khrushchev<br>10. cold war |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | *Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na* |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | *nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| | ***At iba pa*** | | | |
| C.Pagninilay | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*``````````Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/ Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |